Ang sinumang nagdasal ng salah natin, humarap sa qiblah natin, at kumain ng katay natin, iyon ang Muslim na ukol sa kanya ang pangangalaga ni Allāh at ang pangangalaga ng Sugo Niya. Kaya huwag kayong magtraidor sa pangangalaga Niya."}

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang nagdasal ng salah natin, humarap sa qiblah natin, at kumain ng katay natin, iyon ang Muslim na ukol sa kanya ang pangangalaga ni Allāh at ang pangangalaga ng Sugo Niya. Kaya huwag kayong magtraidor sa pangangalaga Niya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang sumusunod sa mga hayagang gawaing pagsamba ng Relihiyong Islām - nagdarasal siya ng tulad ng ṣalāh natin, humaharap siya sa qiblah natin, at kumakain siya ng katay natin habang naniniwala sa pagkapahintulot nito - iyon ang Muslim na may pagtitiwala at kasunduan ni Allāh at ng Sugo Nito kaya huwag silang sumira sa pagtitiwala at kasunduan ni Allah dito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65426